

Makatatayo Ka Ba Na Mag-isa?

“Hayaan ang lahat na patunayan ang kanyang sariling gawa, at pagkatapos ay siya ay magkakaroon ng pagbubunyi sa kanyang sarili lamang, na hindi umaasa sa pagsang-ayon ng iba. Sapagkat ang bawat tao ay magpapasan ng kanyang sariling pasanin.”

(Mga Taga Galacia 6:4-5)

Makatatayo Ka Ba Na Mag-isa?

“Hayaan ang lahat na patunayan ang kanyang sariling gawa, at pagkatapos ay siya ay magkakaroon ng pagbubunyi sa kanyang sarili lamang, na hindi umaasa sa pagsang-ayon ng iba. Sapagkat ang bawat tao ay magpapasan ng kanyang sariling pasanin.”

(Mga Taga Galacia 6:4-5)

Ang libritong ito ay serbisyong pangedukasyon na inilathala ng

This booklet is a free educational service
published by the

**Sabbath Church of God
P.O. Box 30332
Little Rock, AR. 72260**

e-mail: info@sabbathcog.net

**www.ChildrenOfGod.net
www.SabbathCoG.net**

Makatatayo Ka Ba Na Mag-isa?

Talaan Ng Nilalaman

Talaan Ng Nilalaman	pahina 1
Ang Plano ng Dios	pahina 2
Uri sa Bawat Uri	pahina 4
Kaloob ng Dios	pahina 5
Tagapagbantay ng Ating Kapatid	pahina 7
Nagkamali si Pedro	pahina 8
Bakit Nakikipagtitipon-tipon?	Pahina 10
Udyokin ang Isa't-isa sa Mabubuting Gawa	pahina 11
Isang Bagay Ukol sa Kaligtasan	pahina 12
Nabigo si Adan na Manindigan	pahina 13
Ang Takot ay Kaaway ng Pananampalataya	pahina 13
Maraming Iba na Nakatayong Mag-isa	pahina 15
Labis Ba ang Hinihiling ng Dios sa Atin?	pahina 18
Ang Marunong ay Makauunawa	pahina 19
Kasama Natin ang Dios	pahina 20

Makatatayo Ka Ba Na Mag-isa?

Ang Plano ng Dios

Hinarap ni Jesus ang kamatayan na mag-isa. Nilabanan ni David si Goliath na mag-isa. Hinarap ni Elias ang apat na raan at limampung pari ni Baal na mag-isa. Tumayo si Ester sa hukuman ni Haring Ahasuerus na mag-isa. Maraming mga naunang santo, tulad ni Stepen, ay hinarap ang pagiging martir na mag-isa. Kahit ang Dios Ama ay minsang nag-isa. Ano ang ibig sabihin ng tumayong mag-isa? Posible ba na tayo rin ay maaaring kailanganing tumayong mag-isa? Tingnan natin ang pangkalahatang larawan.

Sa simula, naroon lamang ang Dios Ama at ang Salita, si JesuCristo. Sila lamang ang dalawang umiiral. Ang relasyon at ugnayan sa pagitan ng Dios Ama at ni JesuCristo ay kumakatawan sa ganap na pagmamahal at pagkakasundo. Ang unang gawa ng Dios, na alam natin, ay ito: sa kanilang napakatalinong pagmamahal, nakaisip sila ng isang maringal na plano – isang perpektong plano.

Ang Dios Ama at si JesuCristo ay nagpasyang ipuhanan ang kanilang mga sarili sa pinakadakilang pakikipagsapalaran na iyong maiisip. Bago nila inilunsad ang kanilang plano, ganap nilang tiniyak na ito ay perpekto at hindi magkakamali. Ang plano nila ay buksan sa iba ang kanilang napakalapit na Pamilyang Dios. Hindi ito panghihimasok para sa kanila, kundi pagpapalawig ng Kanilang pagmamahal. Para sa kanila, ang pagbubukas ng Pamilyang Dios sa iba ay isang pagbabahagi at pamimigay ng Kanilang espiritwal na pag-aari. Nais nilang ibahagi ang Kanilang Walang Hanggang buhay sa isang pinalawig na pamilya.

Ito ay ang pinaka kahanga-hangang disenyo! Mayroon pa silang alternatibong aksyon kung sakaling may mga gambala, tulad ng paghihimagsik ni Satanas at ang kasalanan ginawa ni Adan at Eba. Siniguro nila na ang kanilang relasyon sa iba ay palaging perpekto at walang kasiraan; palaging ginagabayan ng walang-sala at matuwid na karakter.

Nagsimula ang Dios sa pamamagitan ng paglikha ng mga anghel (Mga Hebreo 1:14) at pagkatapos ang dimasukat na pisikal na sansinukob – ang lupa, araw, buwan at bilyon-bilyong bituin (Mga Taga Colosas 1:16). Napakalawak nito na imposibleng matarok ang sukat nito.

Bakit lumikha ang Dios ng napakalawak na sansinukob na may labis na kapangyarihan at potensyal? Ito ay tiyak na nilikha na may layunin. Hindi gumagawa ang Dios ng kahit na ano nang walang layunin; tulad ng hindi tayo magtatayo ng kamalig kung wala tayong paggagamitan nito. Ano ang layunin ng paglikha ng sansinukob?

Ang kalawakan ng kalangitan ay hindi lamang tumuturo sa Kanyang walang hangganang kapangyarihang lumikha, kundi isa rin itong indikasyon ng maalab na hangarin na palawigin ang Kanyang Pamilya. *“Ang paglago ng Kanyang imperyo at kapayapaan ay hindi magkakaroon ng wakas.”* (Isaias 9:7).

Katulad ng pagsukat natin sa pag-unlad, ang plano ng Dios ay maayos na tumatakbo. Ngunit nagkaroon ng nakakakilabot na pangyayari! Kasamaan, kasiraan, kasalanan, paninibugho, at paghihimagsik ay natagpuan sa mga anghel – kahila-hilakbot na kasalanan! Ito ay isang nakakatakot na bagay, ngunit nangyari ito bago naitatag ang katangian ng mga anghel.

Si Lucifer, ang arkanghel ay nagkasala; sa gayon siya ay naging si Satanas, ang kalaban. Pinatunayan niya na siya ay hindi tapat sa plano ng Dios. Siya ay naghimagsik at pinangunahan niya ang isang-katlo ng mga anghel sa himagsikan. Si Lucifer at ang mga anghel na sumunod sa kanya ay unang nilikha na mga banal na nilalang na may kakayahan na gumawa ng kanilang sariling pagpapasya at pagpili. Maari nilang piliing manindigan sa pamamaraan ng Dios, o tanggihan ito. Naghimagsik sila laban sa pamamaraan ng Dios ng pagmamahal na may pagmamalasakit para sa kabutihan ng iba.

Ang mga anghel na iyon ay tinanggihan ang pamamaraan ng pagpapakumbaba, pagmamahal sa kanilang Lumikha, paglilingkod, pakikipagtulungan at pagbabahagi. Sa halip ay lumiko sila sa pamamaraan ni Satanas ng pagkahalay at kasakiman, punyagian, kapaitan at pagkawasak. Dahil dito, sila ay inilaan ng Dios sa walang hanggang kadiliman. *“Sapagkat kung ang Dios ay hindi nagpatawad sa mga anghel na nagkasala, kundi sila’y ibinulid sa impierno, at inihatid sa tanikala ng kadiliman, upang ilaan sa paghuhukom...”* (2 Pedro 2:4)

Ang lupa ay magiging kumpleto na sana kundi sa pagkawasak nito sa isang labanan na nangyari nang si Satanas ay nagtangkang agawin ang trono ng Dios. Ang lahat ay naging *tohu, bohu at coshek*. Sa Genesis 1:2-3 ay mababasa natin, “*at ang lupa ay walang anyo [‘tohu’] at walang laman [‘bohu’], at kadiliman [‘coshek’] ay sumasa ibabaw ng kalaliman.*” Ngunit ang paghihimagsik ni Satanas at ang sumunod na labanan ay hindi nahinto and di-mapipigilang plano ng Dios. “*At ang Espiritu ng Dios ay gumalaw sa ibabaw ng tubig... at nagkaroon ng liwanag...*” Sa pagpapatuloy ng kanyang plano, ang Dios ay nagtanim ng makapigil-hiningang hardin, and Hardin ng Eden, lumikha ng isang lugar ng kagandahan, katahimikan at ginhawa para sa Kanyang mga anak. Ang kahanga-hangang hardin ay mayroong dalawang puno; kamangha-manghang puno – ang puno ng buhay, at ang puno ng kaalaman ng kabutihan at kasamaan.

Ang puno ng buhay ay kumakatawan sa espiritwal na sangkap na kulang sa tao, ang pinaka “*buhay*” ng Dios. Ang tao ay nilikha na mayroong maikling mortal na buhay lamang. Walang imortal na kaluluwa ang tao. Ang paganong konsepto na iyon ay galing sa kasinungalingan ni Satanas, “*Tiyak na hindi ka mamamatay.*” Tanging ang Dios Ama at si JesuCristo lamang ang may buhay na walang hanggan (1 Timoteo 6:16). Sa pamamagitan ng puno ng buhay, inialok ng Dios sa sangkatauhan ang daan sa buhay na walang hanggan bilang mga kasapi ng Pamilya ng Dios. Sinabi ng Dios kay Adan at Eba na sila ay mamamatay kung sila ay kumain ng pinagbabawal na puno. (Ihambing ang Genesis 2:17 at 3:4). Kung kaya, ang puno ng buhay ay mahalagang bahagi ng plano ng Dios. Nais ng Dios na malayang piliin ni Adan at Eba ang Kanyang pamamaraan; sila lamang ang nasa hardin nang si Satanas ay pumunta sa kanila. Wala kay Adan o Eba ang nagnais na manindigan laban kay Satanas upang ipagtanggol ang pamamaraan ng buhay ng Dios.

Si Abel ang unang tao na tumayo ng mag-isa. Dinala ni Abel ang pinakamahusay na alay mula sa mga panganay ng kanyang kawan, at binigyang galang ng Panginoon si Abel at ang kanyang alay. Sinabi ni Jesus na si Abel ay isang taong matuwid (Mateo 23:35). Sa kanyang pananampalataya, Alam ni Abel na ang Dios ay makapagbibigay para sa kinabukasan sapagkat ganap niyang inuuna ang Dios sa kanyang buhay. Sa buong Biblia, ay karaniwang ipinapakita na ang sanlibutan ay mahal ang kanyang sarili. Samantalang ang mga naninindigan para sa Dios, ang mga matuwid ay kinamumuhian, inuusig at kadalasan pinapatay. “*Sa pananampalataya si Abel ay nag-alay sa Dios ng lalong mahusay na sakripisyo kay sa kay Cain, sa pamamagitan nito siya ay nagkaroon ng saksi na siya ay matuwid.*” (Mga Hebreo 11:4).

“*Ang lahat ng mabubuhay ng matuwid ay magdudusa ng paguusig.*” (2 Timoteo 3:12) Pinatay ni Cain ang matuwid na si Abel. Si Abel ay nagdusa ng kapalaran ng mga walang takot na isabuhay ang Katotohanan. Si Abel ay nakaangat sa pamantayan ng tao at naipakita ang mga katangian ng Dios.

Uri Sa Bawat Uri

Mayroong maka-Dios na prinsipyo na malinaw natin makikita sa Kasulatan – ang buhay ay nagbubunga ng buhay. Sa Genesis ay ipinapakita na ang isang uri ng buhay ay nagbubunga ng katulad na uri. Ang prinsipyong ito ay naaangkop sa lahat ng nabubuhay na bagay – sa damo, sa mga punong-kahoy, sa mga isda at lahat ng mababasa natin sa Genesis 1:24. *“At sinabi ng Dios, hayaan ang lupa na maglabas ng mga may buhay na nilalang ayon sa kanikaniyang uri, mga baka, mga nilalang na gumagapang, mga hayop sa lupa ayon sa kanyang uri: at nagkagayon.”*

Nilalang ng Dios ang sangkatauhan. Ginawa Niya sila, lalaki at babae, na may kakayahan na magparami ng kanilang sari, kanilang uri, bilang binhi na hakbang sa Kanyang plano na paramihin ang Kanyang uri – ang uri ng Dios. Ang Dios ay nasa proseso ng pagpaparami ng Kanyang sarili sa pamamagitan ng paglikha ng mga anak na kabilang ng Kanyang Pamilya – ang Pamilya ng Dios. Upang magawa ng tao ang malaking hakbang na ito, mula sa uri ng tao na maging uri ng Dios, binibigyan ng Dios ang mga nabautismuhan na Kristiyano ng Kanyang buhay- Kanyang Espiritu, at ginagawa tayong mga maka-Dios na anak. *“Ngayon nga, tayo ay mga anak ng Dios.”* (1 Juan 3:2)

Ang di-akalaing katotohanan na ito ay nawala na sa mundo. Iniisip nila na ang “mga anak ng Dios” ay isang bukambibig na ang ibig sabihin lamang ay mga nilalang tayo ng Dios. Hindi nila matarok ang kamanghamanghang katotohanan na ipinapahayag sa mga salitang ito; na ang ating abang pagkatao ay binabago upang maging katulad ng Dios. Kapag ang isang tao ay dumadaan sa proseso ng pagbabagong-loob ng Kristiyano, pumapasok siya sa pagbabago mula sa pansamantalang, mortal na buhay papuntang walang hanggang buhay ng Dios.

Ipinaliwanag ni Pablo kung paano nangyayari ang pagbabago ng uri, mula sa uri ng tao papunta sa uri ng Dios. *“Sapagkat ang lahat ng pinapatnubayan ng Espiritu ng Dios, sila ang mga anak ng Dios...tinanggap ninyo ang Espiritu ng pagiging anak [mga anak ng Dios], na dahil dito sumisigaw tayo, Abba, Ama. Ang Espiritu mismo ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu, na tayo ay mga anak ng Dios.”* (Mga Taga Roma 8:14-16)

Hindi binibigay ng Dios ang Kanyang Espiritu sa lahat. Sa ngayon, ang *pangako ng Ama* (Lucas 24:49, Mga Gawa 1:14, Mga Gawa 2:1-4) ay ibinibigay lamang sa mga tinawag ng Ama. Sinabi ni Jesus, *“Walang taong makalalapit sa akin, maliban na ipinagkaloob sa kanya ng aking Ama.”* (Juan 6:65)

Ang Banal na Espiritu ng Dios ay ibinibigay lamang sa mga nagsisisi, may pananampalataya kay JesuCristo bilang kanilang sariling Tagapagligtas, at mabautismuhan. Ang Espiritu ng Dios ay kaloob ng Dios para sa buhay na walang hanggan (Mga Taga Roma 6:23).

Katulad ng sumunod na pagkawasak pagkatapos ng paghihimagsik ng mga anghel, pagkawasak rin ang sumunod pagkatapos ng kasalanan ni Adan at Eba. Pinaalis sila sa Hardin ng Eden. Nang nagkasala si Adan, ito ang kinasaligan ng kasalukuyang masamang mundo. Nagkaroon ng balakid ang plano ng Dios. Malaki ang naging kabayaran; Kinailangang ibigay ng Dios Ama ang Kanyang Anak, at kailangang mamatay ni Jesus upang manumbalik ang kaayusan at mabigyan muli ng daan ang tao patungong walang hanggang buhay. *“...ang Cordero [Jesus] na pinatay buhat nang itinatag ang sanlibutan.”* (Apocalipsis 13:8) *“[Jesus] Na Siyang nagbigay sa Kanyang sarili dahil sa ating mga kasalanan, upang tayo ay mailigtas Niya dito sa kasalukuyang masamang sanlibutan, ayon sa kalooban ng Dios at ating Ama.”* (Mga Taga Galacia 1:4)

Kaloob ng Dios

Tuwing Pascua, inaalala natin ang pagdurusa ni JesuCristo, ngunit kung minsan ay hindi natin maunawaan ang matinding pagdurusa na dinanas ng Dios Ama. Ang sakripisyo ng Dios Ama ay higit pa sa sakripisyo ng Kanyang Anak na si JesuCristo. Nang si Jesus ay nasa libingan, ang Dios Ama ay lubos na mag-isa. Mababasa natin ang tungkol sa kaloob ng Dios sa Juan 3:16, *“Gayon na lamang ang pagmamahal ng Dios sa sanlibutan, na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak.”*

Ibinigay ng Dios; ang Dios ay kusang isinuko ang Kanyang bugtong na anak na si JesuCristo. Labis na nagdusa si Jesus sa pagpapahirap at kamatayan, ngunit mas malaki ang pagdurusa ng Dios Ama. Tanungin natin ang ating mga sarili: sino ang mas nagdusa, si Abraham or Isaac nang sinabihan si Abraham na isakripisyo si Isaac? Ang kasagutan ay mas malala mawalan ng anak. Kung tayo ay bata pa, maaring sabihin natin na walang mas malala pa sa pagkamatay; ngunit kapag tayo ay magulang na, malalaman natin na mas malala ang mawalan ng anak. Para kay Abraham na ka-tipo ng Dios Ama sa kaso na ito, nakakatakot isiping isasakripisyo niya ang kanyang anak! Sa isip niya, payag siyang maging mag-isa kahit wala si Isaac. Ganoon din ang sakripisyong ginawa ng Dios Ama!

Ibinigay sa atin ang halimbawang ito ni Abraham at Isaac upang makita natin kung ano ang pinagdaanan ng Dios Ama. Maaaring nawala na nang tuluyan si JesuCristo! Kung nabigo si JesuCristo, kung nagkasala Siya kahit minsan – namatay sana Siya para sa sarili niyang kasalanan. Hindi na sana Siya nabuhay muli! Habang buhay na sana Siya namatay, at ang Dios Ama ay tuluyan nang mag-isa.

Kaya kapag binabasa natin ang Juan 3:16, unawain natin sa abot ng ating makakaya, ang tindi ng sakripisyo na payag gawin ng Dios Ama para sa atin. Kaya mo bang tumayong mag-isa? Sa pagtawid ng Iglesia ng katapusang panahon sa huling pintuan patungong panahon ng Laodicea, wala nang mas mahalaga pang katanungan na maari nating tanungin sa ating mga sarili kundi, *“Payag ba akong tumayong mag-isa?”*

Ang Dios Ama at si JesuCristo ay isinakripisyo ang lahat para sa pagtubos sa atin at sa ating kaligtasan. Malaki ang naging kabayaran. Tayo ay dapat maging iba sa mundo. Ang mga maka-mundong tao na hindi pa nagbabagong-loob ay pinaglilingkuran ang kanilang mga sarili. May ilan na nakaantabay sa kanilang sariling. Ang ilan ay nagbibigay para sa kanilang mga sarili sa anumang paraan na kapaki-pakinabang sa kanila. Ang iba ay nagsasamantala sa mahihirap upang sila ay yumaman, makilala at maging makapangyarihan. Ang iba ay sinasamantala ang katayuan nila sa buhay. Para sa mga Kristiyano, sinabi ng Dios *“Datapwat, sa inyo’y hindi gayon.”* (Lucas 22:26)

Ano ang ibig sabihin ng *“Tumayong Mag-isa?”* Mula sa panahon ni Adan hanggang sa panahon ni JesuCristo, walang tinawag para sa espiritwal na kaligtasan maliban sa kaunti na tinawag upang gampanan ang mga natatanging misyon. Inalok ng Dios ang Kanyang Banal na Espiritu (walang hanggang buhay) sa mga propeta lamang at sa mga tinawag para sa espesyal na tungkulin. Mula nang itinatag ni Jesus ang Kanyang Iglesia hanggang sa kasalukuyang panahon, napakaliit na bahagi lamang ng sangkatauhan ang tinawag. Kahit ngayon, ang mga tinawag ng Dios ay isahang tinawag para sa napaka-espesyal at natatanging layunin ayon sa Kanyang kalooban. *“Kayo ay napiling henerasyon, isang makaharing pagkasaserdote, bansang banal, natatanging mga tao; upang inyong ipakita ang mga kapurihan niyaong tumawag sa inyo mula sa kadiliman papunta sa Kanyang kagilagilalas na kaliwanagan.”* (1 Pedro 2:9)

Tayo na mga tinawag sa panahon ng Iglesia na ito ay tinawag upang maging kwalipikado na mamuno na kasama si Cristo sa Kaharian ng Dios. Dagdag sa pagiging kwalipikado, tayo ay napili ayon sa layunin ng Dios upang maging sugong kinatawan ni Cristo na matapat na kakatawan sa Kaharian ng Dios sa kasalukuyang panahon. (2 Mga Taga Corinto 5:20, Apocalipsis 17:14). Bilang mga sugong kinatawan ni Cristo, tayo ay tatayong mag-isa sa pagpapakita ng banal, matuwid na karakter ng Dios. *“Tayo rin naman ay nakapagmana, na itinalaga na Niya tayo nang una pa ayon sa layunin niyaong gumagawa ng lahat ng mga bagay ayon sa pasiya ng Kaniyang kalooban.”* (Mga Taga Efeso 1:11)

Bilang mga sugong kinatawan ni JesuCristo, kailangang tayo ay nagpapakita ng pinakamataas na pamantayan ng maka-Dios na pag-uugali. Gayunpaman, tayo ay nabubuhay sa panahon na kung saan ang mga prinsipyo sa Iglesia ng Dios ay hindi na gaanong naiiba sa mga pamantayan ng mundo. Ang Dios ay nag-propesiya na mangingibabaw ang ganitong kondisyon sa Iglesia ng katapusang panahon.

Ang Dios ay mayroong perpektong batas, awtoridad at pamahalaan. Hindi lumalabag ang Dios sa Kanyang mga pamantayan at prinsipyo. Ang pamahalaan ng Dios at pamahalaan sa Iglesia ay hindi pareho. Ang ilan ay nagsasabi na ang pamahalaan ng kanilang iglesia ay pareho ang awtoridad sa buhay ng mga kasapi tulad ng pamahalaan ng Dios. Maririnig niyo na maraming ministro ang nagsasabi na ang pamahalaan ay mula sa itaas pababa, na ang ibig sabihin nila ay “pababa sa kanila.” At bilang kinatawan daw ng pamahalaan ng Dios dito sa lupa, naniniwala sila na sila ay may awtoridad na gawin ano man ang naisin nila.

At dahil sa pinapalagay nilang awtoridad na ito, karamihan sa mga ministro ay iniisip na maaari nilang baluktutin ang mga panuntunan ng Dios. Karaniwan ay nilalabag nila ang mga maka-Dios na prinsipyo para sa kanilang kapakinabangan. Dahil sa pagkakuntento ng mga namumuno, ang ilan ay tinanggap na lang, o naging komportable na lang sa loob ng mga matamlay na kongregasyon.

Ang lahat ay direktang nasa ilalim ng awtoridad ng Dios – hindi na kailangang sabihin pa ito. Unawain ninyo: Tuwing ang kahit sinoman ay sumalungat sa perpektong batas ng Dios, mga tuntunin at hatol, agad nilang inaalis ang kanilang sarili sa awtoridad at pamahalaan ng Dios. Huwag kayong magpalinlang sa paniwala na ang mga nang-aagaw at nagbabago ng kalooban ng Dios ay kahit paano ay mayroong maka-Dios na awtoridad.

Sa buong kasaysayan ang mga tao ay binago ang mga doktrina ng Dios at mga batas, at inusig ang Kanyang mga santo. Ni hindi nagpahiwatig ng pagsang-ayon ang Dios. Sa mga ganyang sitwasyon, ang bawat Kristiyanong ay kinakailangang manindigan at itaguyod ang pamamaraan ng Dios.

Ano ang gagawin ng isang kasapi na walang katayuan sa Iglesia o katayuang politikal? Ang Iglesia ng Dios ay hindi isang demokrasya kung saan susunod lang tayo sa nakararami, tama o mali. Ang sabi ng Dios, *“Ipinapayo ko sa iyo na ikaw ay bumili sa akin ng gintong [maka-Dios na karakter] dinalisay sa apoy.”* (Apocalipsis 3:18)

Sapagkat hindi kalooban ng Dios na ang sinoman ay mapahamak, iginigiit Niya na ang bawat isa sa atin ay magkaroon ng tapang na manindigan para sa kung ano ang tama – kahit na ang lahat ay nagbubulag-bulagan; kahit na kailangan natin tumayong mag-isa. Pahiran mo ang iyong mga mata ng pampahid sa mata (Apocalipsis 3:18). Sabi ng Dios iyon lang ang tanging paraan para makalabas sa pagkakasala at makakita ng malinaw.

Ang Biblia ay puno ng mga halimbawa ng mga santo na matapang na tumayong mag-isa para sa salita ng Dios. Ano ang ating gagawin kung ang pagkakaisa sa Iglesia ay mauwi sa pagtalikod sa pananampalataya? Ano ang gagawin mo kung ang pag-uugali ng mga ministro ay nagiging politikal at inaabuso nila ang mga tao ng Dios? Magagawa mo ba kung ano ang tama sa mata ng Dios: **tatayo ka bang mag-isa?** Ang sabi ng Dios, kapag ikaw ay nakakita ng maling gawain, at hindi ka nanindigan laban dito, iyon ay katulad ng pagsang-ayon sa kasalanan (Levitico 5:1). Tuwing ipinapakita ng Dios kanino man ang isang bagay na makasalanan, kinakailangang gawin ng taong iyon ang kanyang makakaya upang maibalik ang kanyang kapatid. Tayo ay “tagapagbantay ng ating kapatid.”

Tagapagbantay ng Ating Kapatid

Ano ang ating gagawin kung ang ating kapatid na lalaki o babae ay naliligaw mula sa Katotohanan? Sasabihin ng ilan, “Itutuwid ng Dios ang anomang maling gawain sa Iglesia ng Dios. Hindi ko responsibilidad iyon. Ilalagay ko iyon sa kamay ng Dios.” Iyon ay isang palusot! Inaasahan ng Dios na ang bawat Kristiyano ay manindigan para sa katotohanan at ilantad ang mga kasinungalingan. Sinasabi ng Dios sa atin kung ano ang gagawin sa mga ganitong sitwasyon. Pareho lagi ang kasagutan. Kung tumitindi na ang mga pangyayari, kumilos ka at magsalita ka! Mayroon tayong malaking responsibilidad sa isa’t-isa sa Iglesia ng Dios.

Isang malaking kasinungalingan ang isinagawa sa sangkatauhan nang itinanggi ni Cain na siya ay responsable sa kanyang kapatid na si Abel. “*Sinabi ng Panginoon kay Cain, Saan naroon si Abel na iyong kapatid? At sinabi niya, Hindi ko alam: Ako ba’y tagapagbantay sa aking kapatid?*” (Genesis 4:9)

Ang totoo ay: Oo! **Ang bawat isa sa atin ay tagapagbantay ng ating kapatid.** Ang bawat isa sa atin ay responsable para sa espirital na kapakanan ng mga kapatid. Kapag may salang nagawa, ang sabi ng Dios sa atin ay puntahan ang nakasakit o nagkasala sa atin ng mag-isa (Mateo 18:15-17). Hindi pinapayagan ang sinoman na ipasa sa iba ang responsibilidad na ito. At kung kinakailangan, ay iparating sa buong kongregasyon ang bagay na iyon.

Ang kadalasang nangyayari sa Iglesia ay ang mga ministro ay ipinipikit ang kanilang mga mata sa mga maling ginagawa ng kapwa ministro na nasa ibang lugar. Katulad ni Pontius Pilato, hinuhugasan nila ang kanilang mga kamay sa responsibilidad, at hindi nila napagtatanto na sila ay nagkakasala rin tulad ng mismong nakagawa ng pagkakasala (Levitico 5:1). Ang ilang ministro ay sasabihing, “Hindi ko lugar iyon,” na para bang pinahihintulutan ng Dios ang gayon dahil sa distansya. Ginagamit nila ang pananaw na hindi nila alalahanin iyon, o na ang punong himpilan ay ang responsable sa pagsubaybay ng lugar ng iba.

Walang kasapi ng Iglesia ng Dios ang hindi saklaw pagdating sa paninindigan para suportahan at ipagtanggol ang mataas na pamantayan ng Dios, lalo na ang mga itinalagang ministro ni JesuCristo. Wala tayong pagpipilian kundi manindigan. Tayong lahat, kahit na ang mga matapat na ministro, kung minsan ay kailangan din ng konting tulak sa tamang direksiyon. O, maaaring ikaw ngayon ay nakikitungo sa isang huwad na ministro, katulad ng naranasan dati ng marami. Ano man ang sitwasyon, ikaw at ako ay hindi maaaring ipikit ang ating mga mata sa kanilang mapinsala at makasalanang gawain, o sangayunan at suportahan sila sa kanilang maling gawain. Ang pagpikit ng iyong mga mata sa isang makasalanang problema ay isang hindi maipagpapaumanhin na kaduwagan – hindi iyon Kristiyanong pagmamahal. Kapag ikaw ay lapitan na may pagpapakumbaba, ang isang tunay na Kristiyano ay dapat makatanggap ng maka-Dios na pagwawasto, kahit pa kung ang Kristiyanong iyon ay isang ministro. Katulad ng kaso ni Pedro.

Nagkamali si Pedro

Maaring mangyari iyon sa kahit na sino sa atin. Binigay ng Dios ang halimbawa ni Pedro, na matagal na pagkatapos ng kanyang pagbabagong-loob, ay nabigong tumayo mag-isa. Siya ay kilalang tao sa Bagong Tipan, matibay at espirital, ngunit hindi siya naging maingat at nabigong tumayo sa kanyang dalawang paa. Iyan ang eksaktong kahulugan ng *'orthopodeo'* sa Mga Taga Galacia 2:14 – *"hindi siya lumakad ng matuwid;"* hindi siya lumakad sa tuwid at makipot na landas.

Maimpluwensiya man si Pedro ngunit ang kanyang kasalanan ay naglagay sa kanya sa panganib na mawala ang kanyang walang hanggang kaligtasan. Si Pedro ay nagpapakita ng pagkiling sa ilang mga kilalang lalaking Hudyo at bumubukod sa ibang Kristiyano. Ang hindi tamang inugali ni Pedro ay maaaring ikawala ng walang hanggang buhay ni Pedro – kung siya ay nagpatuloy dito. Si Pedro ay *"tumitingin sa tao."* Hindi kailanman sumasang-ayon ang Dios sa pagkiling! Hinayaan ni Pedro na magkaroon siya ng masamang saloobin, at siya ay palabas na ng Iglesia. Sino ang kikilos upang iligtas si Pedro?

Maaaring naniwala na si Pedro na ang kanyang posisyon ay nagbigay sa kanya ng mga eksklusibong pribilehiyo sapagkat siya ang nanguna sa grupo sa hindi paglakad ng matuwid ayon sa katotohanan ng ebanghelyo (Mga Taga Galacia 2:14). Hinayaan ni Pedro na paniwalain ang sarili niya na ang kanyang mga kaibigang Hudyo ay mas kapantay kay sa mga Kristiyanong Gentil. Hindi ganoon iyon. Ngunit, sa kanyang pag-iisip, marahil binigyang katwiran ni Pedro ang kanyang pagkiling at sinasabi, *"Ganap na walang mali sa pakikisama sa aking mga matagal nang kaibigan; hindi ko naman talaga itinatangi ang mga Gentil na iyon."*

Sa pagkiling sa mga Hudyo kay sa mga Gentil, si Pedro ay nagkakasala – malinaw at simple- at iyon ay isang pangunahing suliranin sa kapatiran. Tanging si Pablo lamang ang nakakita sa krisis. Ang problema ni Pedro ay isa ring pagsubok ng pananampalataya ni Pablo – tatayo ba siyang mag-isa? Kinakailangang tanungin ni Pablo ang kanyang sarili kung paano niya tutugunan ang sitwasyon. Sa kanyang Kristiyanong pagmamahal, tutulungan ba ni Pablo si Pedro, o tatayo lamang ba siya at panonoorin si Pedro na mawala ang kanyang kaligtasan?

Maaaring natukso si Pablo na huwag na lang makialam, at sabihin sa sarili niya, *"Hahayaan ko na lang ang Dios na ayusin ang sitwasyon na ito – ilalagay ko sa Kanyang mga kamay."* Maaaring nangatwiran na lang si Pablo para makaiwas sa paghaharap at sabihing, *"Mas matagal na si Pedro sa Iglesia kaysa sa akin... mabuti pang huwag makialam sa iba....Ayokong makasakit ng damdamin ng iba... alang-alang sa kapayapaan, tatahimik na lang ako at hahayaan ko."* Maaaring natukso si Pablo na gawin kung ano ang nararapat pampulitika at katanggap-tanggap sa lipunan. Gayunpaman, napagtanto ni Pablo na ang kanyang pakikialam sa bagay na ito ay hindi opsyonal.

Kung pinili ni Pablo na sumuko at hindi tinulungan si Pedro, maaaring pati ang kaligtasan ni Pablo ay mawala rin. Ngunit, dahil mali si Pedro, matapang na nanindigan si Pablo at harapan siyang iwinasto, *"sa harap nilang lahat."* *"Sumalansang ako [Pablo] sa kanya ng harapan, sapagkat siya'y nararapat sisihin!"* (Mga Taga Galacia 2:11, 14) Sa isang matapang na pagkilos sa Kristiyanong pagmamalasalakit sa kanyang kapatid, pinagsabihan ni Pablo si Pedro sa harap ng lahat; kailangang gawin iyon.

Alam na ni Pedro na walang Hudyo o Griego kay Cristo Jesus. At kung ikaw ay kay Cristo, ikaw ay binhi ni Abraham (Mga Taga Galacia 3:28-29). Ngunit ang ginagawa ni Pedro ay kailangang labanan. Hayagang sumalansang si Pablo [Griego *anthistemi* – *tumayo laban*] kay Pedro at inulit ang katotohanan na siya at si Pedro ay hindi nakaaangat sa mga kasaping Gentil. Gumamit si Pablo ng kaunting panunuya upang ihatid ang kanyang punto kay Pedro. Tumutukoy sa mga nagbagong-loob na Kristiyanong Gentil, sinabi ni Pablo, *"Tayo ay mga katutubong Hudyo, at hindi makasalanang Gentil."* (Mga Taga Galacia 2:15)

Si Pablo, sa kanyang maka-Dios na pagmamahal, ay nakialam at itinuwid si Pedro. Tama si Pablo na paalalahanan si Pedro. Noong una, si Pedro ay nayamot sa parusa ni Pablo, ngunit pagkatapos, siya ay nagpapasalamat dahil siya ay naibalik sa pamamaraan ng Dios. Nang maglaon, tinukoy siya ni Pedro bilang, “*Ating minamahal na kapatid na si Pablo.*” (2 Pedro 3:15) Tunay na matapang si Pablo, natatanging lalaki na tumulong na tiyakin ang kaligtasan at espiritwal na buhay ni Pedro. Kung tumugon si Pablo sa ibang paraan, hindi sana naibalik si Pedro.

May mga ministro ngayon na nagtuturo na dahil sa katungkulan at posisyon ni Pedro, dapat siya ay inayunan; na siya ay hindi saklaw ng pagwawasto. Hindi nila nauunawaan na **ang bawat isa sa atin ay kabahagi sa pangunahing responsibilidad na tulongang magbagong-loob ang makasalan mula sa kanyang maling pamamaraan** (Santiago 5:20). Kapag ang mga ministro ay sinusuportahan ang isa’t-isa sa maling gawain o maling doktrina, o magkunwaring di-nakikita, iyon ay mapanganib sa kanilang espiritwal na kalusugan. Kapag ang mga ministro ay inilalagay ang mga sarili nila na angat sa mga kasapi, iyon ay espiritwal na pagmamataas. Walang sinoman ay tama sa pagsuporta sa maling pagtuturo at mga gawain sa kapinsalaan ng Katotohanan at/o ng mga kapatid.

Iyon ay pagiging mapagmahal at kailangan para sa mga kasapi na magsikap na ibalik ang mga nagkakamaling ministro na iyon sa tamang relasyon sa Dios. Ang lahat ay may Kristiyanong obligasyon na hayagang tugunan ang kasalanan, tulad ng tamang ginawa ni Pablo na harapang sumalangsang kay Pedro sa harapan ng lahat. Ang mga ministro ngayon ay hindi libre sa pagsunod sa mga prinsipyo ni Cristo, at ganoon din si Pedro noong panahon niya. Kailangang ipakita sa kanila kung saan sila mali; iyon ay ang ating Kristiyanong obligasyon. “*Mga kapatid, kung ang sinoman sa inyo ay nalilihis sa katotohanan, ay siya’y papagbaliking loob ng sinoman; alamin nito na ang nagpapabalik-loob ng isang makasalan mula sa kamalian ng lakad niya ay magliligtas ng isang kaluluwa sa kamatayan...*” (Santiago 5:19-20) Ang sinoman ang magsantabi ng malinaw na obligasyong Kristiyano na ito ay katumbas ng pagtakwil sa awtoridad ng Dios sa kanyang buhay.

Madali ba tayong madala o tayo ba ay tagapagtanggol ng pananampalataya hanggang sa pinakahuling lalaki o babae? Bilang mga Kristiyano, tayo ba ay matibay para mabuhay at manindigan para sa ating tunay na pananampalataya? Mayroong pag-uugali sa maraming kapatid na tanggapin ang hindi maka-Dios na pananakop sa kanilang relihiyosong buhay na walang pag-aalinlangan at walang tanong. Ito ay isang seryosong suliranin. Malinaw ang Kasulatan- ang mga ministro ay walang kapangyarihan sa pananampalataya ng isang Kristiyano (2 Mga Taga Corinto 1:24). Ang apostol Juan ay humarap sa ganyang sitwasyon, kung saan ang ilan sa kongregasyon ay pumayag magpadala sa isang ministro na may sariling pagpapasya. “*Diotrepes, na nagiiibig na magkaroon ng kataasan sa kanila....Minamahal, huwag mong tularan ang masama, kundi ang mabuti. Ang gumagawa ng mabuti ay sa Dios: ang gumagawa ng masama ay hindi nakakita sa Dios.*” (3 Juan 1:9, 11)

Madali para sa ilan ang bigyang katwiran ang hindi manindigan. Ipinapagpalagay nila ang kasalanan at maling pag-uugali bilang mga katangian ng personalidad na di-dapat pansinin. Sinasabi nila na, “Magagamit pa rin sila ng Dios sa kabila ng kanilang mga kasalanan.” Marami silang iba’t-ibang palusot, “Hindi ko mababago ang ibang tao; Sarili ko lang ang kaya kong baguhin.” “Hindi tayo dapat humusga.” “Ayokong manliit ng tao.” Kung hindi ko pinalagpas ang mga kamalian, hindi ako magkakaroon ng mga kaibigan.” Dapat natin mahalín ang isa’t-isa, at huwag maging mahilig sumalungat.”

Ang maka-Dios na pagmamahal ay ang pagtulong sa isa’t-isa patungo sa Kaharian ng Dios. Ang hindi natin pakikialam ay katulad ng pagsang-ayon sa kasalanan ng mga tao, at tinitiyak na hindi nila mamanahin ang mas mahusay na muling pagkabuhay. Sa mga lugar ng Iglesia na may mga kaguluhan, ang ilang tao ay binibigyang katwiran ang kanilang di-pagkilos sa pagsabi na, “Dapat tayo ay maging tagagawa ng kapayapaan, nagsasamahan na may pagkakaisa.” Inaamin nila na mali ang kanilang ministro at may mga problema siya, ngunit, “Iyon lang ang tanging lugar na sisimbahan, at sinasabi rin sa Biblia na dapat tayo ay magtipon-tipon!” Bakit tayo tinuturuang magtipon-tipon, at kanino?

Bakit Nakikipagtipon-tipon?

Dapat ba tayong makikipagtipon-tipon sa ibang mga Kristiyano? Oo, dapat! (Mangyari pong basahin ang librito tungkol sa pagkakaisa sa Iglesia, *“Upang Sila ay Maging Isa”*). Gayunpaman, hindi tayo nakikipagtipon-tipon sa kapinsalaan ng ibang prinsipyo ng Dios. Paano natin babalansehin ang pakikipagtipon-tipon at pagtayo ng mag-isa upang ipagtanggol ang pagiging maka-Dios? Ang ilang kapatid ay naniniwala na mas ligtas kung marami, na para bang ang Dios ay humuhusga ayon sa grupo ng mga tao sa halip na hinuhusgahan ang bawat isa sa atin bilang indibidwal. May mapanganib na di-pangkaraniwang pangyayari sa Iglesia ngayon, kung saan ang ilang mga kapatid ay naprograma na maniwala na ligtas at kapaki-pakinabang na makikipagtipon lamang sa isang malaking grupo ng tao. Ngunit naging ligtas ba tayo sa malalaking grupo at kongregasyon?

Nakita natin ang matinding pagtalikod sa pananampalataya na nangyari sa buong Iglesia ng Dios. Hindi pa tapos ang pag-atake ni Satanas. Kailangang tanungin natin ang ating mga sarili, “Sa pananaw ng Dios, ano ang pangunahing layunin kung bakit tayo nagtitipon-tipon?” Pumupunta ka ba para ba matanggap ang mga yakap na kailangan mo? O dahil sa kailangan ka ng koro? Pumupunta ka ba sa malaking iglesia upang makahanap ang inyong mga anak ng mapapangasawa? Wala ka bang pananampalataya na makapagbibigay ang Dios katulad ng ipinangako Niya? Ikaw ba dapat ang magtrabaho nito? Kung ikaw ang magtatrabaho para sa sarili mo sa halip na hayaan ang Dios na magbigay, ikaw ay mabubuhay sa bunga ng iyong mga ginawa, at maaaring ikaw ay mabigo.

Ang ilang mga kasapi ay dumadalo lamang sa malaking grupo dahil naniniwala sila na ito ang ipinaguutos sa Mga Hebreo 10:25. *“Huwag natin pabayaang ang ating pagkakatipon, na gaya ng ugali ng iba; kundì hinihikayat ang isa’t-isa: at lalo na kung inyong namamalas na nalalapit na ang araw.”*

Ang ibig sabihin ng kataga na ito *“hinihikayat”* ay nagsusumamo, o inuudyok o nakikipag-ugnayan, o nakikiusap sa isa’t-isa. Ang bersikulo na ito ay hindi tungkol sa kung *saan* natin ipinangingilin ang Sabbath – sa isang malaki o maliit na grupo. Gayundin, ang bersikulo na ito ay hindi sinusuri kung *tayo ay dapat mangilin* ng Sabbath o hindi. Katulad ng madalas natin makita sa Kasulatan, nakatuon ang bersikulo na ito sa isang tiyak na suliranin na tinutugunan dito.

Sa Mga Hebreo 10:25 tumutugon si Pablo sa isang sitwasyon kung saan ang mga lalaki at babae ay hindi nakikipag-ugnayan ng may Kristiyanong pag-iingat sa isa’t-isa. Ang tanong ay, *“Bakit dapat magkita-kita ang mga kapatid?”* Basahin ang kasagutan sa konteksto nito, *“Ating isaalang-alang [katano] ang isa’t-isa upang udyokin sa pagmamahal at sa mabubuting gawa.”* (Mga Hebreo 10:24)

Ang bersikulo na ito ay sinasabi sa atin kung ano ang dapat natin gawin kapag tayo’y nagtitipon-tipon. *“Ating isaalang-alang ang isa’t-isa upang udyokin...”*; ito ay hindi nangungusap tungkol sa mga mababaw na relasyon. Kabaligtaran nito – ang ibig sabihin ay pagiging malapit, pagpukaw sa isa’t-isa, at nakikipag-ugnayan sa isa’t-isa sa isang mainit, palakaibigan at personal na matalik na antas, *“sa [maka-Dios] pagmamahal... at sa mabubuting gawa.”*

Bakit tayo nakikipagtipon-tipon? Kapag tayo ay nagsasama-sama, naninindigan ba tayo para sa kung ano ang tama, o tayo ba ay tumatalilis palayo na ayaw magkaroon ng kabuluhan sa iba? *“...sila na magbabalik ng marami sa pagkamatuwid ay gagawing parang mga bituin...maliwanag at makinang magpakailanman.”* (Daniel 12:3)

Iyon ang dahilan kung bakit tayo ay nakikipagtipon-tipon. Kaya ang mga gumagalang sa plano ng Dios ay madalas naguusap-usap (Malakias 3:16). Nagkita-kita tayo upang udyokin ang isa’t-isa sa pagmamahal at mabubuting gawa. Ang bawat isa sa atin ay dapat tumayo at magsalita habang may oras pa; laging inaalala na maikli ang panahon!

Ang layon ng mga bersikulo sa Mga Hebreo 10 ay dapat natin *“iniingatang matibay ang pagpapahayag ng ating pananampalataya.”* Sa madaling salita, ang mga bersikulo na ito ay ipinapakita sa atin kung paano maging mabuting mga Kristiyano. (Mga Hebreo 10:23) Ang punto ay dapat tayong nagsasama-sama upang maisabuhay natin sa isa’t-isa ang ating pananampalataya. Ibig ba ng Dios ay mga salita lamang? Kinikilala ba Niya ang ilang malalaking pagtitipon habang itinatakwil ang maliliit na mga kawan? Hindi! Ang Iglesia ng Dios ay naging kalat-kalat at biyak-biyak, ngunit sinabi ni Jesus na Siya ay naroon kung saan kahit *“dalawa o tatlo ay nagtitipon sa Aking pangalan.”* (Mateo 18:20)

Udyokin ang Isa't-isa sa Mabubuting Gawa

Pinasasalamat natin ang Dios para sa bawat isa *araw-araw*? Isinasaalang-alang ba ng mga Kristiyano ang isa't-isa sa Sabbath lamang, o ang maka-Dios bang pagkalinga para sa isa't-isa ay nagpapatuloy rin sa buong linggo? Ang mga relihiyon sa mundo ay “ginagawa ang kanilang tungkulin” ng mga isang oras sa Linggo, ngunit ang pananampalataya natin ay hindi ganoon – tayo ay mga Kristiyano 24/7. Dapat natin isinasaalang-alang ang isa't-isa at inuudyok ang bawat isa sa pagmamahal at mabubuting gawa.

Kapag sinabi ng bersikulo na ito na, “isaalang-alang [*'katanoeo'*], ang ibig sabihin nito ay ganap na sundin, maramdaman, masdan, tuklasin, kilalanin sila. “Isaalang-alang,” ang ibig sabihin ay pumasok sa mga buhay ng iba, maging mapagkalinga at mapagbigay ng ating mga sarili sa mga puso-sa-puto na mga enkwentro. “*Isaalang-alang natin ang isa't-isa para udyokin sa pagmamahal at mabubuting gawa.*” Ito ang inaasahan ng Dios sa mga Kristiyano. Hindi sapat na magbigay ka lang ng kaunting oras – para magpakita lang. Ang pananampalataya natin ay hindi parang isang ritwal; kailangan may nilalaman ito.

Ang pananampalataya natin ay hindi tungkol sa lugar kung saan nagkikita-kita ang Iglesia, o kung anong organisasyon tayo nakikipagkita; ito ay tungkol sa pagdanas ng tunay na Kristiyanong samahan. Kapag tayo ay nagsasama-sama, tunay ba nating isinasaalang-alang ang isa't-isa para udyokin sa pagmamahal at mabubuting gawa? Kailangan natin tanungin ang ating mga sarili, “Ang grupo ba kung saan tayo dumadalo ay minimithi ang mga maka-Dios na gawain, maka-Dios ba ang kanilang pagganap, at palagi ba nilang inuudyok ang isa't-isa sa pagmamahal at mabubuting gawa?”

Iyon ang dahilan kung bakit tayo nakikipagtipon-tipon. Iyon ang dahilan kung bakit tayo nakikipagtulungan sa mga kapatid na kaisa natin sa pag-iisip – ang iglesia. Hindi tayo dapat nakikipagkita sa mga may pag-uugaling hindi nararapat sa mga tao ng Dios (2 Mga Taga Corinto 6:14-17). Nakikipag-ugnayan tayo sa mga kapatid na nagtitiwala at nagpapatawad sa bawat isa, at kabahagi sa parehong pag-asa. Tayo ay dapat makipagpulong sa mga nagsasabuhay ng kanilang Kristiyanismo sa mga bagay na sinasabi nila, at sa mga bagay na ginagawa nila, at sa kung paano sila kumalinga sa bawat isa. Pinapatalas ba nila ang isa't-isa? Tunay ba sila na Kristiyanong kongregasyon? Sama-sama ba silang umiiyak, tumatawa at nagdadasal? Tayo ay nakikipag-ugnayan sa bawat isa sa totoong paraan at makahulugang paraan kapag isinasaalang-alang natin ang espirital at pisikal na pangangailangan ng isa't-isa.

Hindi tayo pumupunta sa iglesia para lang tumupad sa pagdalo, magbayad, magpakita sa ministro upang panatilihin ang mabuting pakikitungo niya sa atin. Hindi rin tayo pumupunta sa iglesia para panatilihin ang mabuting pakikitungo sa atin ng isang malayong punong-tanggapan. Hindi maka-Dios ang matakot kang itiwala dahil sa hindi ka tapat sa isang maka-mundong korporasyon. Sa halip, dapat siguraduhin natin na tayo ay nasa mabuting katayuan sa Dios, at sa Kanyang mga santo. Tayo ay dapat maging tapat sa Katawan ni Cristo, ang Iglesia ng Dios, ang mga tinawag. Iyon lang ang tanging organisasyon na kinikilala ni Jesus. Kailangan nating pagsamasamahin ang lahat ng Kasulatan upang maunawaan ang sinasabi ng Dios.

Hindi tayo nagsisimba para lang sa pakikipag-sosyalan, kundi para mahalin ang isa't-isa sa pamamagitan ng mga gawa at sa katotohanan. Iyon ang paguudyok sa isa't-isa na dapat natin gawin. Isinuma ni Juan kung ano dapat ang ating ginagawa. “*Ang sinomang mayroong mga pag-aari sa mundong ito, at nakita ang kanyang kapatid na nangangailangan, at ipagkait ang kanyang awa para sa kanya, paanong nananahan ang pagmamahal ng Dios sa kanya? Munti kong mga anak, huwag tayong magmahal sa salita, ni sa dila man; **kundi sa gawa at sa katotohanan.***” (1 Juan 3:17-18)

Isang Bagay Ukol sa Kaligtasan

Mga kapatid, ikaw at ako ay binabalaan tungkol sa kabigatan ng Kristiyanong pagtawag sa atin. Sinasabi ni Juan sa atin na ang tunay na pakikisangkot sa isa't-isa ay isang bagay ukol sa kaligtasan. Hindi usapang pangkaligtasan kung ang organisasyon ay malaking grupo o maliit na grupo (ang mga hiwa-hiwalay na lamang na grupo na ito ang natitira sa ngayon). Tayong lahat ay kalat-kalat; tayong lahat ay nagkawatak-watak. Ngunit ang tanong na ito ukol sa ating pagsasabuhay ng Kristiyanismo, pakikipagugnayan, pagmamahal at pagmamalasakit para sa isa't-isa ay isang pangunahing usapang pangkaligtasan. *“Nalalaman natin na tayo ay lumipas mula sa kamatayan patungo sa buhay, sapagkat minamahal natin ang mga kapatid. Ang sinomang hindi nagmamahal sa kanyang kapatid ay nananatili sa kamatayan.”* (1 Juan 3:14)

Ang pagmamahal na ito ay maka-Dios na pagkalinga. Hindi ito damdamin lamang. Hindi ito ang uri ng “pagmamahal” na kinakanta sa musika ng mga kabataan. Ang “pagmamahal” na ito ay nagbibigay ng espiritwal na tulong sa lahat ng nasa Iglesia ng Dios. Alam niyo, kung hindi natin minamahal ang ating kapatid, kapag hindi natin siya inuudyok sa mabubuting gawa, nananatili tayo sa kamatayan. *“Dito’y nakikilala natin ang pagmamahal ng Dios, sapagkat ibinigay Niya ang Kanyang buhay para sa atin: at nararapat na ibigay natin ang ating mga buhay para sa mga kapatid.”* (1 Juan 3:16) Ito ay mga malumanay na salita, ngunit sadyang malakas.

Hindi natin ibinibigay ang mga buhay natin para sa mga kapatid kapag hindi tayo nakikipagkasundo, kung hindi tayo tumutulong, kung hindi natin binubuksan ang puso at isip natin sa kanila, o kung hindi natin ibinabahagi ang ating pinakamalalim na alalahanin sa kanila, o kung hindi natin sila inuudyok sa mabubuting gawa. Kailangan natin pukawin sa iba ang paghahangad na gibain ang mga pader na naghihiwalay sa mga magkakapatid. Ang pagiging bukas at pakikisangkot sa iba ay mahirap sa umpisa para sa ilan sapagkat maari tayong masaktan; ngunit nagpakita ng halimbawa si Jesus para sa atin sa pamamagitan ng pagbabahagi ng Kanyang sarili. Kahit ang maliliit na bagay – pagtawag sa telepono, pagdarasal, mga bulaklak, pakikiramay sa mga namatayan, pagtulong mag-alaga ng anak na may sakit, atbp. Ang mga iyon ay pagbibigay ng ating buhay para sa mga kapatid!

Pakikipag-ugnayan sa mga kapatid na tila ba sila ay tunay na “ka-pamilya” ay isang mabuting dahilan para magtipon-tipon. Dapat tayong magtipon-tipon at mag-ugnayan ng madalas hangga’t maaari, at hindi lamang sa isa o dalawang oras pag Sabbath. Nais ng Dios ay katapatan at nais Niya ng katotohanan. Hindi Siya nagloloko! Mabigat ang pinagdaanan ng Dios para maisakatuparan ang Kanyang dakilang plano. Hindi tayo dapat matakot na pasukin ang mga puso at isipan ng bawat isa. Masdan niyo ang halimbawa ng mga kapatid sa Iglesia ng unang siglo pagkatapos matanggap ang Banal na Espiritu ng Dios. *“Ang karamihan ng mga nagsisampalataya ay nangagkaisa ang puso at kaluluwa.”* (Mga Gawa 4:32)

Iyon ay maka-Dios na pagmamahal sa akto! Tila ba silang lahat ay isang pamilya. Kamakailan, sa mas malaking Iglesia ng Dios, hindi tayo nailagay sa ganoong direksyon. Hindi tayo nakatuon ng tama. Alam natin na ang plano ng Dios ay magbubunga. Sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu, ito ay mangyayari. Alam natin na ipapatupad Niya ito – ngunit personal ba natin matutugunan ang pamantayan ni Cristo na magmahal sa isa't-isa? *“Ang utos na ito mula sa Kanya ay nasa atin, na ang nagmamahal sa Dios ay dapat magmahal rin sa kanyang kapatid.”* (1 Juan 4:21)

Nabigo si Adan na Manindigan

Ang unang tao na si Adan ay nagkasala sapagkat hindi siya kumuha ng espiritwal na sangkap na kinakatawan ng puno ng buhay – ang Espiritu ng Dios. Nang siya ay nagkasala, ang plano ng Dios ay muling nalihis, ngunit pansamantala lamang, katulad ng pagkaantala nito nang naghimagsik si Satanas. Kailangang matuloy ang plano ng Dios – tawagin mong yugto – dahil sa kasalanan ni Adan. Si Adan ay potensyal na anak ng Dios. Kung siya sana ay sumunod sa Dios at kumuha sa puno ng buhay, naging anak sana siya ng Dios kaagad at doon mismo. Siya sana ay naging anak na lalaki ng Dios. Kung kumuha si Adan sa puno ng buhay, nagkaroon sana siya ng lahat ng bagay na pwedeng maisip.

Si Adan sana ay naging hari sa buong sanlibutan! Siya sana ang tagabigay ng batas sa buong populasyon ng sanlibutan katulad ni Moses kinalaunan para sa Israel. Siya sana ang mataas na saserdote. Kung si Adan ay nanindigan laban kay Satanas sa Hardin ng Eden, siya sana ang nanaig kay Satanas. Si Adan ay naging kwalipikado sana na mamuno sa sanlibutan, at naihatid niya sana ang Kaharian ng Dios ng panahong iyon. Iyon ang itinakda ng Dios sa harap niya. Iyon ay tunay, iyon ay makabatas, iyon ay sinadya sa parte ng Dios.

Sa halip na pitong libong taon na panahon kung saan tayo naroon ngayon, natupad sana ang plano ng Dios sa loob lamang ng isang libong taon. Ang Hardin ng Eden ay naging simula sana ng milenyo. Gayunpaman, dahil nabigo si Adan na unahin ang Dios sa kanyang buhay at manaig kay Satanas, naiwan kay JesuCristo ang pagiging Mananagumpay (Mateo 4:4). Nabigo si Adan na tumayong mag-isa. Ngayon, nakasalalay na kay JesuCristo ang pagtatag ng Kaharian ng Dios sa lupa. Ito ay mangyayari sa simula ng isang libong taon na milenyo. Sapagkat matagumpay na ginampanan ni JesuCristo ang mga tungkuling ito, samantalang ang orihinal na Adan ay hindi sumunod sa plano ng Dios, si JesuCristo ay tinawag na pangalawang o panghuling Adan.

Ang Takot ay Kaaway ng Pananampalataya

Hindi na kailangan pang sabihin, na nagkaroon ng napakahirap na kinahinatnan bunga ng pagkabigo ni Adan sa Hardin ng Eden. Gayunpaman, kailangang ulitin ang katotohanan na kapag tayo ay nabigong manindigan para sa mga pamamaraan ng Dios, nakakahadlang tayo sa sa pag-usad ng plano ng Dios. Hindi lang iyon, nilalagay natin sa panganib ang ating kaligtasan. Sasabihin ng ilan na, “Masyado mong inaako ang mga responsibilidad – hindi naman umaasa ang Dios sa atin ng namumukod-tanging paggawa.” Oo, umaasa Siya. Tinawag Niya tayo upang makamit ang ilang mga layunin.

Tingnan kung ano ang inihahayag ng Kasulatan tungkol sa mahigpit na pagsubok kung saan ang Reyna Esther ay mag-isang tumayo at nagwagi. Kung si Esther ay tumanggi na manindigan, pagkawasak at pagkasira ang naging bunga sana para sa kanya at sa kanyang pamilya; ngunit ang plano ng Dios ang nagwagi. *“Sapagkat kung ikaw ay lubos na tumahimik sa panahong ito, ang lunas at pagsaklolo ay lilitaw para sa mga Hudyo mula sa ibang dako; ngunit ikaw at ang sangbahayan ng iyong magulang ay mapipinsala: at sinong nakakaalam na kung kaya ka pinasapit sa kaharian ay dahil sa pagkakataong ito?”* (Esther 4:14)

Dinaig ni Esther ang kanyang takot. Nagpakita siya ng malaking katapangan, pumunta siya sa hari kahit hindi siya pinapatawag. Ang parusa para sa naturang di-inaasahang pagsulong sa trono ay nagdadala ng posibilidad ng agarang parusang kamatayan. Sa pananampalataya, sinabi ni Esther, *“At kung ako’y mamatay, ay mamatay.”* (Esther 4:11, 16) Bunga ng paninindigan ni Esther, ang mga ninunong Hudyo ng ating Tagapagligtas ay naligtas sa pagpatay ng kanilang lahi. Ang mga taong kasama ng Dios sa Kanyang ginagawa, ay daranas ng mga pagsubok at paghihirap sapagkat sadya Niyang dinisenyo at pinahintulutan ang mga natatanging sitwasyon para sa Kanyang mga layunin (Mga Taga Roma 8:28).

Marahil ay sasabihin mo, “Walang ganyang kalaking bagay ang nangyayari sa akin.” Siguro ay sanay ka sa pag-iwas sa bawat kontrobersiya, at iyong iniisip, “Tatal, hindi ba mayroong mga taong nasa katungkulan ang dapat nag-aayos ng mga problema?” Ang kasagutan ay sa mga katapusang panahon na ito, kung minsan ang mga nasa katungkulan ay nabibigong pagtuunan ng pansin ang malubhang kasalanan sa mga tao ng Dios. Ano ang dapat gawin ng isang kasapi kapag maliwanag na pang-aabuso at malaking kasalanan ay nagpapatuloy, at walang kumikilos para ayusin ito? Ang kasagutan ay ang isang Kristiyano ay walang ibang maaaring gawin kundi manindigan.

Kailangan tanungin natin ang ating mga sarili. Bakit napakarami sa mga namumuno ngayon ay walang tapang na manindigan upang harapin ang mga problema? Sila ba mismo ay mga diktador at nakasasakit? Sila ba ay mga halimbawa ng mapagkalingang lingkod, na inaalay ang kanilang mga buhay para sa mga kapatid? Hinahanap ba nila ang isang nawawalang tupa, o kinukuha ba nila ang kanilang seguridad mula sa siyamnapu’t siyam (Lucas 15:4)? Binalaan tayo ni JesuCristo na mag-ingat sa mga upahan (Juan 10:12). Tunay ba nilang isinasaalang-alang ang mga kapatid – hinihikayat sila sa pagmamahal at mabubuting gawa sa pamamagitan ng kanilang halimbawa; o sila ba ay mapagmataas o malayo? Madalas ba nilang sadyang sinasaktan ang mga tao, at walang pakialam para baguhin ang kanilang pamamaraan, lalo na ang kanilang mga puso?

Ano ang dapat gawin ng isang Kristiyano kapag ang mga ministro ay hindi kumakatawan sa mga prinsipyong maka-Dios sa kanilang mga pagtuturo at pag-uugali? Ano ang inyong gagawin kung matuklasan mo ang tungkol sa dalawang tao sa inyong kongregasyon na nabubuhay sa kasalanan? Ano ang iyong gagawin kung ang ministro mo ay tumanging tulungan ang isang bala na nangangailangan? Paano ka tutugon kung ang isang inosenteng kasapi ay itiniwalag sa inyong kongregasyon? Ano ang iyong gagawin kung malaman mo ang tungkol sa isang ministro na minomolestiya ang isang bata?

Ang mga bagay na iyon ay nangyayari sa Iglesia ng Dios, at walang kautusan ng mga limitasyon sa kasalanan kundi ang maka-Dios na pagsisisi. Ang pakikialam sa isa sa mga sitwasyon na iyon ay maaaring mabilis na magdala sa iyo sa “malaking kapahamakan.” Ikaw ba ay natatakot na manindigan? Kuntento ka ba na sabihin lang sa sarili mo, “Hindi ko alam ang gagawin ko”? Ang ibang mga kapatid na natatakot ay iiwas sa madaling paraan at sasabihing, “Marahil ay nagsisi na siya,” o, “Hindi siya ang aking pastor,” o, “Wala akong matibay na ebidensiyang mapapakita – tulad ng mga larawan.” Gaano ka magiging katapang kung walang nakakakita sa problema kundi ikaw lamang? Matatakot ka bang kumilos? *Sinabi ni Jesus sa kanila, “Bakit kayo natatakot, o kayong kakaunti ang pananampalataya?”* (Mateo 8:26)

Maraming Iba na Nakatayong Mag-isa

Makatatayo ba tayo na mag-isa? Nadama ni Elias na siya ay ganap na nag-iisa nang hinarap niya ang apat na raan at limampung mga pari ni Baal. Hindi niya batid na may 7,000 na hindi lumuhod kay Baal. *“Nang magkagayo’y sinabi ni Elias sa mga tao, ako, ako lamang, ang natitirang propeta ng Panginoon; ngunit ang mga propeta ni Baal ay apat na raan at limampung lalaki.”* (1 Mga Hari 18:22)

Si David ay tumayong mag-isa laban sa Pilisteo na si Goliath. Ano ang ginagawa ng iba? Ano ang ginagawa ng buong hukbo ng Israel? Sila ay tumatalungko at ayaw harapin ang kalaban. Ano ang pinagkaiba ni David? Paano siya nakatayong mag-isa laban sa kaaway?

Maaring komportable ang makipagtipon sa isang malaking kongregasyon, napapaligiran at tila protektado sa isang ligtas na bahay-uod; kailangan natin alalahanin na ang ating pagiging ligtas ay nanggagaling sa pananampalataya sa Dios, hindi sa dami ng tao. Kung sa isang banda naman ay ayaw mong makilala ng iba at manatiling nakakubli upang makaiwas sa paninindigan, mayroong isang seryosong espirital na problema. Kailangan natin tanungin ang ating mga sarili, *“Tayo ba ay nasa pinakamahusay na lugar kung saan ay magagawa natin ang dapat para sa ating kaligtasan?”* *“...lubusin ninyo ang gawain ng inyong sariling kaligtasan na may takot at pangiginig.”* (Mga Taga Filipos 2:12)

Ang konsepto ba na ito na paggawa para sa kaligtasan ay pagkilos ng isang grupo... o tayo ba ay nagiging kwalipikado para sa Kaharian ng Dios bilang isang indibidwal? Ang kasagutan ay tayo ay hiwalay na tatayo sa harapan ni JesuCristo upang sumagot para sa ating mga sarili (Mga Taga Roma 14:10, 12). Marahil ay magtatanong ka, *“Kung gayo’y ano pa ang saysay ng pagkakaroon ng Iglesia?”* Muli, tayo ay *“pumupunta sa Iglesia”* para sa layunin na isaalang-alang ang isa’t-isa at udyokin sa pagmamahal at mabubuting gawa. Nagbibigay tayo ng karangalan at naglilingkod tayo sa Dios habang tayo ay naglilingkod at kumakalinga sa iba. (Mateo 25:40).

Ito ang tanong na dapat mo itanong sa iyong sarili kapag nakikita mong nilalabag ang mga prinsipyo ng Dios, *“Hindi ba ako maninindigan dahil kailangan ko ang aproba ng iba... dahil natatakot ako na makagalitan... dahil natatakot ako na hindi sumunod... dahil natatakot ako manindigan para sa kung ano ang tama sa mata ng Dios?”* Ngayon ang ating tanging pagkakataon na manindigan para sa Katotohanan ng Dios; maaring hindi na tayo magkaroon pa ng ibang pagkakataon.

Sa milenyong, ang mga maghahari at mamumuno kasama si JesuCristo ay sasabihin sa iba, *“Ito ang daan, lakaran ninyo.”* (Isaias 30:21) Kailan natin matututunan tumayong mag-isa sa sarili nating mga paa? Ang kasagutan ay, tayo ay dapat natututo na ngayon! Ang akala ng ibang mga kapatid na ang lahat ng *“trabaho”* ay ginagawa na ng sentro ng organisasyon. Nakakalimutan nila na ang bawat isa sa atin ay dapat mag-isa na pasanin ang gawaing nakaatang sa atin. *“Hayaan ang lahat na patunayan ang kanyang sariling gawa, at pagkatapos ay magkakaroon siya ng pagbubunyi sa kaniyang sarili lamang, na hindi umaasa sa pagsang-ayon ng iba. Sapagkat ang bawat tao ay magpapasan ng kanyang sariling pasanin.”* (Mga Taga Galacia 6:4-5) *“Hindi niyo ba nalalaman na ang mga santo ay magsisihatol sa sanlibutan? At kung ang sanlibutan ay hahatulan ninyo, hindi ba kayo karapat-dapat na humatol sa mga pinakamaliit na mga bagay?”* (1 Mga Taga Corinto 6:2)

Kailan pa tayo matututong gumawa ng mga desisyon? Ngayon mismo ang ating pagkakataon na linangin ang ating kaunawaan at matutong humatol. Kailangan natin matutunan makaunawa! *“Hindi niyo ba nalalaman na ating hahatulan ang mga anghel? Paano pa kaya ang mga bagay na nauukol sa buhay na ito?”* (1 Mga Taga Corinto 6:3)

Sino sa ngayon ang may kagitingan ni Phinehas? Tumayo siyang mag-isa! Ang mga taga-Moab ay inanyayahan ang mga Israelita sa paghahandog sa kanilang mga dios, at pumayag ang mga Israelita. Iyon ay naging isang kakila-kilabot na pagtitipon. *“Kanilang tinawag ang mga tao sa mga paghahandog sa kanilang mga dios: at ang mga tao ay nagsikain, at yumukod sa kanilang mga dios.”* (Mga Bilang 25:2)

Ang napakalaking mayorya ng Israel ay sumama sa karamihan ng mga tao, at sumali sa maidolatriyang pagpapatutot kay Baalpeor. Inakala nila na sila ay ligtas sapagkat marami sila at sapagkat inisip nila na hindi lilipulin ng Dios ang buong Israel. Isang tao lamang ang nanindigan para sa Dios; pansinin ninyo kung ano ang ginawa ni Phinehas. Sa pamamagitan ng isang sihang ay tinapos niya ang nakaririmarim na kaguluhan (Mga Bilang 25:7-13).

Tayo ba ngayon ay naninindigan para sa pagkamatuwiran ng Dios o ipinipikit natin ang ating mga mata? Tayo ba ay mahilig magbigay lugod sa karamihan ng mga tao, mas gugustuhin niyo ba na hindi magsalita o gumawa ng ano mang bagay na magiging sanhi ng kaguluhan o problema? Masyado ba tayong natatakot na gumawa ng desisyon para sa pagkamatuwiran? O tayo ba ay katulad ni Phinehas, na matapang na nanindigan? Ito ang katanungan: Mayroon bang Phinehas sa Iglesia ng Dios ngayon?

Si Daniel o Shadrach, Meshach at Abednego? Kasindak-sindak para sa kanila na manindigan laban kay Nebuchadnezzar at harapin ang lumalagablab na apoy ng hurno. Kinailangan nilang magpasya: na manindigan para sa Dios o sumama sa karamihan ng tao. Ginawa nila kung ano ang palagi nilang ginagawa. Kahit pa nangangahulugan ito ng pagwawalang-bahala sa utos ng hari, patuloy nilang binigyang karangalan ang Dios. Hinarap ang kamatayan, ginawa nila ang sinabi ng Dios, hindi kung ano ang kagustuhan ng tao.

Sa pamamagitan ng wasto at mahusay na saloobin, si Daniel ay umakyat sa katanyagan. Nang planuhin ni Haring Darius na italaga si Daniel sa buong kaharian, ang mga naninibughong mga pangulo at prinsipal ay hinangad na sirain ang reputasyon ni Daniel. Alam nila na si Daniel ay hindi magkokompromiso at tapat sa Dios. Gumawa sila ng paraan kung saan si Daniel ay mapipilitang pumili sa pagitan ni Haring Darius at ng Dios. Sa puntong iyon, maaaring makipagkasunduan na lang si Daniel – at makipagkompromiso ng kaunti. Maaaring magrason siya na mas marami siyang magagawang mabuti kung siya ay buhay kaysa patay na. Mag-isang tumayo si Daniel, at siya ay niligtas ng Dios mula sa mga bibig ng mga leon.

Tayo ba ay makatatayo ring mag-isa? Narito pa ang isang mas mahalagang katanungan na kailangan natin isaalang-alang: *Kakailanganin* ba natin tumayong mag-isa? Magkakaroon ba ng mga pangyayari na wala tayong mapagpipilian kundi tumayong mag-isa o mawala ang ating kaligtasan, katulad ng nangyari sa mga binatilyong nabanggit sa itaas? *Marami sa kanila na natutulog sa alabok ng lupa ay magigising, ang iba ay sa walang hanggang buhay, at ang iba’y sa kahihyan at walang hanggang paghamak.*” (Daniel 12:2) Ang ilan ay nabigo sa pagsubok na ibinigay sa kanila. Kailangan nilang magsisi ngayon at umiyak sa Dios, *“Huwag mong bawiin ang Banal na Espiritu sa akin.”* (Mga Awit 51:11)

“Ang iba ay magigising sa walang hanggang buhay...” Isang dakilang muling pagkabuhay! Ang ilan sa atin ay magigising sa walang hanggang buhay, upang maging bahagi ng Pamilya ng Dios, ay ang talagang plano ng Dios. Ngunit...pansinin niyo ito... *“ang iba [ay magigising] sa kahihyan at walang hanggang paghamak.”*

Ang kakayahang tumayong mag-isa ay kailangan, ngunit ang ipagmalaki ang pagiging “independienteng Kristiyano” ay mali. Mayroong mga kulang sa pangunawa na nagiging makasarili sa pagiging independente upang sila ay walang maging pananagutan at hindi masangkot. Ang mga independienteng Kristiyano na iyon ay nabibigong isaalang-alang ang isa’t-isa upang udyokin sa pagmamahal at mabubuting gawa (Mga Hebreo 10:24). Ang ganitong pagsasarili ay hindi paninindigan sa Katotohanan ng Dios. Ang ibig sabihin ng “pagtayo ng mag-isa” ay ang pagkatawan natin ng lubos sa mga pamamaraan ng Dios, lalo na kapag ang iba ay bigo na gawin ito.

Hindi tayo makakapasok sa Kaharian ng Dios hangga’t hindi matiyak ng Dios na tayo ay palaging positibong maninindigan para sa Kanya. Kapag ang mga organisasyon ng Iglesia o mga pinuno ng Iglesia ay hindi pinangangatawanan ang mataas na pamantayan at pagtawag ni Cristo, iyon ay isang tiyak na pagkakataon para ipakita natin sa Dios na tayo ay palaging mananatiling tapat – kung kinakailangan, sa pamamagitan ng pagtayo ng mag-isa.

Pinahalagahan ng Dios ang paninindigan ni Daniel. Ganoon din kay Joseph, Abel, Noah, Sara, Rahab at maraming-marami pang iba na lalaki at babae ng pananampalataya, “*na sa mga yaon ay hindi karapat-dapat ang sanlibutan.*” (Mga Hebreo 11:38) Ang Biblia ay puno ng mga halimbawa ng malalakas at matatapang na mga lalaki, babae at mga kabataan na tumayong mag-isa sa pananampalataya. Noong panahon ng kanilang pagkabihag, si Daniel, Shadrach, Meshach at Abednego ay mga kabataan pa na nasa edad na labindalawa hanggang labing-apat na taon; kahit ganoon, mayroon silang katapangan para tanggihan ang hindi malinis na kakanin ng hari. Si David ay napakabata pa nang hinarap niya si Goliath, marahil mga labimpitong gulang. Ibig ng Dios na tayo ay makapanindigang mag-isa para sa Kanyang mga prioridad sa kahit na anong sitwasyon.

Payag ba tayong tumayong mag-isa? Kapag “ilagay natin ang lahat sa panganib” para sa Katotohanan ng Dios, malamang malaki ang mawawala sa atin. Dapat ay payag tayong magbayad ng malaking halaga. Kung minsan ay sinasabi ng mga propeta, “Kahit hindi ako iligtas ng Dios, maninindigan pa rin ako sa pananampalataya.” Iyon ang dapat nating sabihin; dapat ay payag tayong ibigay ang ating buhay. Sabi ni Cristo, ni hindi tayo maaaring maging disipulo Niya hanggat hindi ganoon ang ating determinasyon, hanggat hindi natin gawin ang ganoong pagpapasiya.

Saan nanggagaling ang ganoong lakas at pananampalataya? Saan nanggagaling ang ganoong tapang at determinasyon na tumayong mag-isa? Mayroon ba tayong dalisay na pananampalataya at tiwala sa plano ng Dios – na ito ay matutupad – na ito ay ginagawa sa atin? Walang makatatayo sa pagitan natin at ng Dios – hindi ang bansa, hindi ang kapatiran, ni hindi ang pamilya. Magkakaroon ba ng tapang ang isang babae na tumayong mag-isa para sa Katotohanan ng Dios kahit na ang kanyang asawa o ama ay lisanin ito? Maaaring matukso siyang sabihin na, “Ititikom ko na lang ang bibig ko para sa kapayapaan sa pamilya.” Hindi itinuro ni Jesus ang kapayapaan sa anumang halaga – kundi kabaligtaran nito.

Itinuro ni Jesus, “*Sinomang sa Aki’y magkaila sa harap ng mga tao, siya rin ay aking ikakahiya sa harap ng Aking Ama na nasa langit. Huwag ninyong isiping ako’y naparito upang magdala ng kapayapaan sa lupa: Hindi ako naparito upang magdala ng kapayapaan, kundi tabak. Sapagkat ako’y naparito upang papagalitin ang lalaki laban sa kanyang ama, at ang anak na babae laban sa kanyang ina, at ang manugang na babae laban sa kanyang biyenang babae. At ang kaaway ng isang tao ay ang mga nasa sarili niyang sambahayan. Ang nagmamahal sa ama o sa ina ng higit sa Akin ay hindi karapat-dapat sa Akin: at ang nagmamahal sa anak na lalaki o anak na babae ng higit sa Akin ay hindi karapat-dapat sa Akin.* (Mateo 10:33-37) Hindi tayo makakapunta sa Kaharian ng Dios hanggang sa maipakita natin na hindi tayo papayag na may tumayo sa pagitan ng Dios at sa atin.

Isang napakagandang pagpapala para sa mga Kristiyano na magkaroon ng pakikisama sa kapayapaan, pagkakaisa at Katotohanan. “*Masdan ninyo, na pagkabuti at pagkaligaya sa mga magkakapatid na magsitahang magkakasama sa pagkakaisa!*” (Mga Awit 133:1) Gayunpaman, tinatawagan ng Dios ang bawat isa sa atin na manindigan at magsalita sa mga panahon ng krisis – kahit na tayo ay tumayo pang mag-isa! Hindi aksidente na si Reynang Esther ay tumayong mag-isa; ito ay disenyo ng Dios. Inilagay siya ng Dios sa isang natatanging katayuan. Ibig ng Dios na siya ay manindigan – mag-isa. Sa eksaktong parehong paraan, binibigyan ng Dios ang bawat isa sa atin ng pagkakataon na manindigan mag-isa para sa kung ano ang tama at totoo, upang maging halimbawa sa iba, at hayaang lumiwanag ang ating ilaw. Oo, mahirap iyon. Para kay Esther, halos siya ay malipos.

Labis Ba ang Hinihiling ng Dios sa Atin?

Kung minsan, tila ba ang mga pagsubok natin ay higit sa kaya nating dalhin, at ayaw na natin madagdagan pa ang ating mga suliranin. Maari tayong gumawa ng mga dahilan upang hindi manindigan sapagkat pakiramdam natin na masyadong marami na ang ating alalahanin. Napakadaling sabihin, “Ayokong makialam sa mga bagay na wala akong kinalaman.” Natural lang sa atin (ngunit hindi tama) na ipaubaya iyon sa mga taong may kapangyarihan at impluwensiya – ang mga nagpapagalaw ng mga organisasyon ng iglesia. Bakit? Sapagkat ang mga mabibigat na tao, katulad ng mga Pariseo ng panahon ni Cristo, ay ang kadalasan may kontrol sa mga bagay. Anupaman, kung makialam sila sa problema o hindi, maaari nating sabihin, “Ang dugo ay nasa kanilang mga ulo – malinis ang mga kamay ko.” Sa ganoong paraan binibigyan katwiran natin ang ating sarili habang umiiwas tayo sa ating responsibilidad na matibay na manindigan.

Hindi papayagan ng Dios na tayo ay matukso, o masubok ng higit sa ating kakayanin, at Siya rin ay magbibigay ng daan para makaya natin iyon. Iyan ang Katotohanan ng Dios! “*Walang dumating sa inyo na anomang tukso kundi yaong pangkaraniwan sa tao: datapat matapat ang Dios, na hindi Niya hahayaan na kayo ay matukso ng higit sa inyong makakaya; ngunit kalakip ng tukso ay gagawin naman ang paraan para makatakas, upang ito’y iyong matiis.*” (1 Mga Taga Corinto 10:13)

Ang mga gustong harapin ang problema ng buong tapang at determinasyon at tumulong maibalik ang mga bagay sa tama ay gumagawa ng mabuting gawain. “*At silang marurunong ay magliliwanag na parang ningning ng kalawakan; at silang nagbabaling ng marami sa pagkamatuwid ay parang mga bituin magpakailanman.*” (Daniel 12:3) “*...kapag nagawa nila na ikalat ang kapangyarihan ng mga banal na tao, ang lahat ng ito ay matatapos.*” (Daniel 12:7) Ang katagang *ikalat* ay mula sa salitang Hebreo na ‘*naphats*’ na ang ibig sabihin ay durugin sa maliliit na piraso, katulad ng kapag nabagsak ang tasa ng kape sa konkretong sahig. Iyan ang nangyayari ngayon sa kapangyarihan ng mga banal na tao; hindi magtatagal wala nang malalaking grupo, wala nang malalaking iglesia!!!

Ang kapangyarihan ng mga Banal na Tao ay nababasag! Ang mahina ay itinutulak sa tabi, ngunit pinalalakas ang loob natin ng Kasulatan, “*Ang inyong pananampalataya ay hindi dapat masalig sa karunungan ng mga tao, kundi sa kapangyarihan ng Dios.*” (1 Mga Taga Corinto 2:5) Tumatayo tayong mag-isa sa mga pagsubok ng ating pananampalataya, habang nakikipagkita tayo sa mga kapatid upang udyokin ang isa’t-isa sa pagmamahal at mabubuting gawa.

Hindi nalulugod ang Dios sa pangkalahatang pag-uugali ng Kanyang Iglesia sa katapusang panahon. Niliwanag ni Daniel na mayroon lamang isang bahagi ng mga kapatid ang makauunawa. “*Aking narinig, ngunit hindi ko naunawaan: nang magkagayo’y sinabi ko, O Panginoon ko, ano ang magiging wakas ng mga bagay na ito? Marami ang magiging dalisay, at gagawing maputi, at masusubok; ngunit ang masasama ay gagawa na may kasamaan: at wala sa masasama ang makauunawa; ngunit ang marunong ay makauunawa.*” (Daniel 12:8, 10)

Ang Marunong ay Makauunawa

Sino ang marurunong? Ang marurunong ay *“silang nagbabaling sa marami sa pagkamatuwid.”* (Daniel 12:3) Oo, mayroon tayong mga pagsubok, mga tukso na pinagdadaan. *“...ang masama ay gagawa ng may kasamaan.”* Oo, iyon ay mangyayari. *“...ngunit ang marunong ay makauunawa.”* Nauunawaan ba natin kung ano talaga ang ating Kristiyanismo? Nauunawaan ba natin kung kailan tayo dapat manindigan para sa kapakanan ng pagkamakatwiran?

Sa palagay niyo ba na kapag magsimulang bumangon ang kapangyarihan ng halimaw ay papayagan nilang umiral ang mga grupo na malayang nakakadalo ng pagsamba tuwing Sabbath? Papayagan ba iyon ng kapangyarihan ng halimaw? Ang mga tao ay kailangang tumayong mag-isa. Sa panahon ng kapighatian, ang paninindigan para sa Katotohanan ay magiging isang bagay na ukol sa Buhay at Kamatayan. Tayo ba ay magiging tagapagtanggol ng pananampalataya hanggang sa huling lalaki o babae?

Sinabi ni JesuCristo sa bawat isa sa atin, *“Ang kahit na sino na lumapit sa Akin, hayaan siyang ipagkaila ang kanyang sarili, at dalhin ang kanyang krus...”* Ang ating pananampalataya ay pang-indibidwal na bagay. Hindi ito tungkol sa pagiging independienteng Kristiyano. Kailangan natin ang isa’t-isa. Lahat ng mga kapatid ay mahalaga sa ating pananampalataya at espirital na paglago. Natututo tayo at nagiging ganap ng sama-sama, ngunit tayo ay sinusubukan ng hiwa-hiwalay. Nananatiling mahalaga ang iglesia sa ating pagsulong. Ito’y lubos na kinakailangan.

Ang tanging Tunay na Iglesia ni JesuCristo ay itinatag at umiiral para sa ating pagsulong bilang mga Kristiyano. Ito ang “sinapupunan” kung saan tayo ay lalaking espirital na ganap. Kailangan ang Iglesia; ngunit hindi nito maikakaila ang katotohanan na kailangang handa tayong tumayong mag-isa, litisin mag-isa, subukang mag-isa. Pansinin kung gaano kalinaw na sinabi sa Kasulatang ito, *“...sapagkat tayong lahat ay tatayo sa harapan ng hukuman ni Cristo...kaya nga ang bawat isa sa atin ay magbibigay-sulit sa Dios ng kanyang sarili.”* (Mga Taga Roma 14:10, 12)

Ang bawat isa sa atin ay mananagot sa Dios. **Tayo ay natututong magkakasama, ngunit tayo ay sinusubok nang isa-isa,** katulad nang tayo ay nasa mataas na paaralan pa. Sama-sama tayong nag-aral sa mga klase, ngunit kailangan natin maging kwalipikado sa pagtatapos ng isa-isa. Hindi kung ano ang ginagawa ng grupo; walang pangkatan na amnestiya! Hindi ganoon ang ginagawa ng Dios.

Sa Banal na Kasulatan, maraming halimbawa tayong nakikita ng mga naninindigang mag-isa sa harap ng mga pagsubok at pagsusulit, ngunit wala tayong mahahanap na maraming halimbawa ng Kristiyanong pagtutulungan ng magkakasama o pangkatang pakikilahok kapag dumarating ang pinakamalalaking pagsubok. Sinusubukan nating sama-sama bilang isang grupo na tumulong sa isang magulang na may sakit ang anak. Nakikiramay tayo sa mga kapatid na nawalan ng minamahal. Mayroong layunin ang pagkakaroon ng Iglesia – isang napakahalagang layunin. Tayong lahat ay bahagi ng Katawan ni Cristo, at ang bawat bahagi ay mahalaga para sa espirital na kapakanan ng lahat (1 Mga Taga Corinto 12:7). Ngunit, sa kabuuan, isa-isa tayong magpupunyagi upang maging karapat-dapat sa Kaharian ng Dios. Nagsisisi tayong mag-isa. Pinalalago natin ang ating pananampalataya, at naniniwala tayo na mag-isa. Tayo ay sinusubok at nililitis kadalasan sa indibidwal na paraan.

Kasama Natin Ang Dios

Ang mga pinakamalalaki nating mga pagsubok at pagsusulit ay kadalasan dumarating sa atin ng biglaan. Kadalasan, tila ba tayo ay nag-iisa lang. Ang espiritwal na katotohanan ay hindi tayo nag-iisa – kasama natin ang Dios. Kahit sinabi ni Elias, “Nag-iisa lamang ako,” alam niya na ang Dios ay kasangkot sa paghaharap sa mga pari ni Baal (1 Mga Hari 19:14). Hindi siya nag-iisa hangga’t alam niya na kabahagi ang Dios sa kanyang ginagawa.

Ang katotohanan ay ito: Hindi tayo naglalakad mag-isa – tulad ni Elias, tulad ni Daniel, tulad ni David na maliwanag na ipinahayag, “*Kasama ko ang Dios.*” Oo, sa ating pisikal na pananaw, at sa ating pantaong pananaw, kailangan natin kumilos; ngunit hindi tayo nag-iisa. Tulad ng isang magulang na hindi iiwan ang anak, ang ating mapagmahal na Ama ay hindi iiwan ang Kanyang mga anak. Ang plano ng Dios ay magaganap sa Kanyang mga Tao. Si Jesus, ang Anak ng Dios, ay hindi nag-iisa, tulad ng sinabi Niya sa Juan 16:32, “*...gayunpaman hindi ako nag-iisa, sapagkat kasama ko ang Ama.*”

Sa kamatayan, si JesuCristo ay kinailangang tumayong ganap na mag-isa – isang bagay na hindi natin kailangang gawin. Pinasan Niya ang ating mga kasalanan (Mga Hebreo 9:28), “*sa Kanyang sariling katawan sa puno, na tayo, na namatay sa ating mga kasalanan, ay mabuhay tayo sa pagkamatuwid.*” (1 Pedro 2:24) Si Jesus ay naging kasalanan. Ang Dios Ama ay kinailangang tumalikod sa kasalanan, na kinatawan ni Jesus, at hinayaan Siyang tumayong mag-isa. (Isaias 59:2); Kusang-loob na ginawa iyon ni Jesus. Nakabitin sa isang tulos, sinabi ni Jesus, “*Eli, Eli, lama sabachthani? Na ibig sabihin, Dios Ko, Dios Ko, bakit Mo Ako pinabayaan?*”

Ang Dios Ama ay lumayo kay Jesus upang hayaan Siyang tumayong mag-isa at mamatay mag-isa. Bakit pinabayaan ng Dios Ama si Jesus sa tulos na iyon? Unawain niyo ito: Ang ating mga kasalanan ay inihihwalay tayo sa Dios sapagkat walang kasalanan ang maaaring lumapit sa Kanyang harapan. (Isaias 59:2) Si Jesus ay naging kasalanan sa halip na tayo, at ang ating kasalanan ang naging sanhi para talikuran Siya ng Kanyang Ama. (2 Mga Taga Corinto 5:21) Si JesuCristo ay natukso rin sa lahat ng bagay tulad natin, gayunpaman, hindi Siya nagkasala. (Mga Hebreo 4:15). Kaya nagdusa si Jesus ng sukdulang sakripisyo na namatay Siyang mag-isa sa tulos na hindi kasama ang Kanyang Ama.

Sa ating mga abang tao, hindi mailarawan kung ano ang dinanas ng Dios Ama sa pagkawala ng Kanyang Anak – ang lubhang sakit, kirot at ganap na kalungkutan. Si JesuCristo ay namatay, ang sa tanging pagkakataon sa kanyang buong pagiiral, ang Dios Ama ay nagisa.

Ito ang mabuting balita: **Ang Dios Ama ay tumayong mag-isa, at si JesuCristo ay tumayong mag-isa, upang hindi na natin kailanganin pang tumayong mag-isa.** Sa mga panahon ng pagsubok, *Ang Dios ay ang ating kanlungan at lakas, ang laging handang saklolo sa ligalig.*” (Mga Awit 46:1) Kapag naiisip natin na mahirap ang dinadanas natin, alalahanin mo ang halimbawang iyon. Kapag tumitingin tayo sa Dios, at alam nating kasama natin ang Dios, nabibigyan tayo ng lakas ng loob at hustong pag-iisip na kumilos sa pananampalataya at manindigan mag-isa. Ibig malaman ni JesuCristo kung palagi natin kakatawanin ang Kanyang Katotohanan sa harap ng kagipitan, ano man ang mangyari. Makatatayo ba tayong mag-isa kapag dumating ang mga atake laban sa Kanyang Totoong Pamamaraan? Sinabi ni JesuCristo sa Mga Hebreo 13:5, “*Hindi kailanman kita iiwan o tatalikuran.*” Kaya, kapag nasabi at nagawa na ang lahat, kasama natin Siya sa ating Kristiyanong pakikipaglaban.

Nang kinailangan manindigan ni Pablo mag-isa sa isang seryosong bagay laban kay Pedro, hindi lang iyon ang tanging pagkakataon na nanindigan si Pablo mag-isa. Sa katunayan, nakaugalian na ni Pablo na mag-isa kapag walang iba na nais manindigan. Tulad ng kaso ni Alexander na magtatanso nang hayagan niyang kinontra si Pablo. Pansinin niyo na kahit na mag-isang nanindigan si Pablo – kasama niya ang Panginoon! *“Sa akin unang pagsasanggalang walang sinomang kumampi sa akin, bagkus pinabayaanan ako ng lahat...datapwat ang Panginoon ay kasama ko sa aking paninindigan.”* (2 Timoteo 4:16-17)

Walang kaligtasan sa pagiging marami o sa pakikipagkaibigan sa mga makapangyarihan. Dapat natuto na tayo sa nangyaring apostasiya na nagsimula ng mga huling taon ng 1980, na walang seguridad sa pakikibilang sa mga malalaking grupo. Kapag ikaw ay nanindigan mag-isa, hindi ka magiging popular sa karamihan ng mga tao. Bibigyang katwiran mo ba ang iyong sarili at susunod sa karamihan ng tao, at magiging bahagi ng isang malinaw na pagkakamali sa mata ng Dios dahil lamang walang ibang nais na tumayong mag-isa? O tatayo ka ba sa iyong sariling mga paa at susunod kay Cristo kahit na ano pa ang mangyari? Sabi ni Jesus sa atin, *“Ang sinomang sumunod sa Akin, ay ipagkaila ang kanyang sarili, at pasanin ang kanyang krus at sumunod sa Akin.”* (Marcos 8:34)

Ang ibang mga tao ay ginagamit ang katwiran na ito ay responsibilidad ng Dios, hindi sa atin, na gumawa ng pagtatama sa Kanyang Iglesia. Ipinapakita nila na sila ay nagkukulang sa katapangan na manindigan para sa kung ano ang tama. Gayunpaman, ang iba ay matapang na maninindigan, na nagpapakita sa Dios na ipatutupad nila ang Kanyang pamamaraan; hindi lamang sa ngayon – kundi pati sa milenyo. Ito ang natutuklasan ng Dios tungkol sa atin ngayon, at ito ang dahilan kung bakit hindi Siya namamagitan para itama ang mga “mali.” Napakahalaga na makita Niya kung ano ang gagawin natin sa mga masasamang pangyayari. Paano tayo tutugon?

Hindi tayo makapipili kung tayo ay maninindigan o hindi. Kailangan natin manindigan. Walang magiging kwalipikado para sa Kaharian ng Dios na hindi matibay na naninindigan. Kailangan natin patunayan ang ating mga sarili at maging kwalipikado. Kailangan nating manaig. Kailangan natin mabuhay sa pananampalataya. Ang payo ni Moises sa Exodo 14:13, mga 3,500 na taon na nakaraan, ay ganap pa ring wasto sa kasalukuyan. *“Sinabi ni Moises sa mga tao, Huwag kayong matakot, tumayo kayo, at tingnan ninyo ang pagliligtas ng Panginoon....”*

Ang libritong ito ay serbisyong pangedukasyon na inilathala ng

This booklet is a free educational service
published by the

Sabbath Church of God
P.O. Box 30332
Little Rock, AR. 72260

e-mail: info@sabbathcog.net

www.ChildrenOfGod.net
www.SabbathCoG.net
www.SabbathCoG.org

© Copyright 2006 – 2018 Sabbath Church of God All Rights Reserved

